# Plano sa Pagtataguyod sa Multikultural na Pamumuhay sa Shiga Prefecture (Ikatlong Rebisyon)

## 1. Tungkol sa Pagbabago

| | |
|---|---|
| **Layunin** | 〇Noong 1989 (Hesei 1), binago ang batas na Immigration Control and Refugee Recognition Act ng Japan, na nagdulot ng pagdami ng mga dayuhan sa Japan, lalo na ang mga taong may dugong Hapon o Nikkeijin mula sa mga bansa ng South America. Dahil dito, ginawa ang "Plano sa Pagtataguyod sa Multikultural na Pamumuhay sa Shiga Prefecture" noong taong 2010 (Heisei 22).<br>〇Mula noong taong 2014 (Heisei 26), lalo pang dumami ang populasyon ng mga dayuhan na karamihan ay galing sa mga bansa ng Southeast Asia at pumunta ng Japan sa layuning magtrabaho. Umabot ito sa pinakamataas na bilang na 41,475 bago matapos ang taong 2024 (Reiwa 6). Dahil sa pagbabago sa sistema ng paninirahan (residency system) sa mga nakaraang taon,inaasahang mas dadami pa ang mga dayuhan na pupunta sa Japan para magtrabaho, pati na rin ang kanilang mga pamilya.<br>〇**Inaasahang patuloy na tataas ang porsyento ng mga dayuhan sa loob ng Prefecture,kung kaya't mas mahalaga na magkaroon ng kaisipan na ang lahat ay magkakasamang namumuhay sa iisang komunidad,at nagtutulungan sa isa't isa.** |
| **Layunin ng Plano** | **Ito ay isang gabay na nagpapakita ng direksyon kung paano kikilos ang bawat sektor** para sa pagbuo ng isang lipunang may mapayapang multikultural na pamumuhay. |
| **Mga napabilang na Mamamayan** | Ang pagbuo ng isang lipunan na may multikultural na pamumuhay ay nangangahulugan na, **kahit magkaiba ang nasyonalidad o lahi,** lahat ay bahagi ng iisang komunidad at sabay-sabay na nagtutulungan. Dahil dito, ang **planong ito ay para sa lahat ng mamamayan ng Prefecture.** |
| **Panahon ng Pagpapatupad ng Plano** | Ang plano ay ipapatupad sa loob ng 5 taon, mula sa 2025 (Reiwa 7) hanggang 2029 (Reiwa 11) |

### ≪Ano ang Multikultural na Pakikipamuhay?≫

Ang pamumuhay nang magkakasama na may iba't ibang nasyonalidad o lahi ay nirerespeto at kinikilala ang pagkakaiba ng kultura ng bawat isa, pantay at patas na relasyon sa isa't isa at namumuhay bilang bahagi ng iisang komunidad.

## 2. Dahilan ng Pagbabago

### 〇 Kasalukuyang Sitwasyon sa Shiga Prefecture

Sa pagtatapos ng Disyembre 2024 (Reiwa 6), ang populasyon ng mga dayuhan sa Shiga Prefecture ay 41,475 katao, na bumubuo sa 2.95% ng kabuuang porsyento ng populasyon ng mga dayuhan. Noong Enero 1, 2024 (Reiwa 6), ang Shiga Prefecture ay nasa ika-19 na pinakamataas na bilang ng mga dayuhan sa buong Japan. Ang porsyento ng mga dayuhan sa populasyon ay pang ika-13 sa buong Japan. May mga naninirahan na galing sa 97 bansa at rehiyon. Pinaka marami ay mula sa Vietnam, Brazil at China. Noong 2024 (Reiwa 6), ang bilang ng mga dayuhang manggagawa at ng mga mag-aaral sa pampublikong paaralan na nangangailangan ng pagtuturo ng wikang Hapon ay umabot sa pinakamataas na bilang sa kasaysayan.

### 〇 Pagbabago sa Kalagayang Panlipunan at Pang-ekonomiya

**＜Mga mahalagang aral mula sa pandemya ng COVID-19 at mga kalamidad＞**

Naging malinaw ang mga problema sa iba't ibang larangan gaya ng pagpapalaganap ng impormasyon, serbisyong medikal, at trabaho.

**＜Pag-unlad at Paglaganap ng Teknolohiyang Digital＞**

Dahil sa paglaganap ng mga awtomatikong translation app, mas naging madali ang suporta sa iba't ibang wika.

**＜Mga Pagbabago sa Batas at mga Patakaran ng Pamahalaan＞**

Isinagawa ang mga pagbabago sa batas tungkol sa sistema ng residence status, at gumawa rin ng roadmap para sa multikultural na pakikipamuhay.

## 3. Mga Naisagawang Hakbang sa Ngayon at Para sa mga Problemang Darating

### ○ Mga Naisagawang Hakbang sa Ngayon

**＜Suporta sa Komunikasyon＞**
Pamamahala ng Shiga Foreign Residents Information Center, at iba pang kaugnay na serbisyo

**＜Suporta sa Pamumuhay＞**
Pagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga ospital na kayang maglingkod sa ibang wika at iba pang kaugnay na serbisyo

**＜Suporta para sa pag-unlad ng mga dayuhang manggagawa＞**
Pamamahala ng Shiga Job Support Center for Foreign Residents, at iba pang kaugnay na serbisyo

**＜Pagpapabuti ng kapaligirang pang-edukasyon＞**
Suporta sa pagbibigay ng gabay para sa mga batang dayuhan bago pumasok sa paaralan at iba pang kaugnay na serbisyo

**＜Pagbuo ng komunidad na may pagkakaisa ang iba't ibang lahi at kultura＞**
Pagsasagawa ng mga seminar tungkol sa pamumuhay ng iba't ibang kultura para sa mga mamamayan ng Prefecture, at iba pang kaugnay na serbisyo

### ○ Para sa mga Problemang Darating

**Kailangan isaisip ng lahat ng mamamayan na kahit iba't iba ang lahi o nasyonalidad, ay magkakasamang namumuhay at nagtutulungan sa iisang komunidad.**

**＜Pagpapalawak ng pag-unawa tungkol sa iba't ibang kultura at maayos na pagsasama-sama ng mga mamamayan ng Prefecture＞**
Kinakailangan ang pagbigay ng maraming pagkakataon para sa mga dayuhan para maunawaan ang kultura at buhay sa Japan, kasabay ang pakikipag-isa ng mga hapon.

**＜Mas matibay na suporta sa komunikasyon＞**
Kinakailangan na maging maayos ang komunikasyon sa pagitan ng parehong panig.

**＜Pagsuporta sa bawat bahagi ng buhay＞**
Iba't ibang edad ang mga dayuhang naninirahan sa Prefecture, kaya kinakailangan ang suporta para sa bawat bahagi ng kanilang buhay.

## 4. Layunin at mga hakbang para sa isang lipunang may multikultural na pamumuhay

### ○ Pangunahing Layunin

Layunin na magkaroon ng isang komunidad sa Shiga Prefecture kung saan ang lahat ng tao na nakatira, nagtatrabaho, at nag-aaral, kahit magkaiba ang nasyonalidad o lahi, ay iginagalang ang karapatang pantao at pagkakaiba ng bawat isa, at nagagamit ang pagkakaiba para maging aktibo at matagumpay.

### ○ Ang layunin ng Shiga Prefecture para sa lipunang may multikultural na pamumuhay

・Magkaroon ng pang unawa na kahit magkaiba ang nasyonalidad o lahi, ang bawat isa na namumuhay sa iisang lipunan at nagtutulungan.

・Ang impormasyon na madaling maunawaan ng lahat ay naiparating sa mga taong nais naming maabot.

・Gumagamit ng digital na teknolohiya para mas maayos sa pakikipag-usap at naayon sa sitwasyon ng tao

・Isang lipunang maayos at ligtas na lugar para sa lahat, kung saan ang mga dayuhan ay namumuhay at nagtatrabaho na panatag.

・Isang lipunang nagbibigay ng pagkakataon sa lahat na matuto ay nag-uugnay sa isang lipunang may pagtutulungan at pag-kakaiba patungo sa hinaharap.

## ○5 bagay na adhikain ng plano at 10 na paraan ng pagsasagawa ng mga plano

### [Layunin sa Pagkilos1] Mas malawak na kaalaman sa iba't ibang kultura at gawing mas masigla ang komunidad

Kasabay ng pagsugpo sa mga perwisyo at diskriminasyon, magsusumikap na maitaguyod ang pag-unawa sa isa't isa at bumuo ng masiglang komunidad gamit ang kakayahan ng bawat isa.

**(1) Pagpapalawak ng kaalaman tungkol sa iba't ibang kultura na may pagkakaisa**
**(2) Pagbuo ng masigla at aktibong komunidad na pinapahalagahan ang pag-kakaiba**

### [Layunin sa Pagkilos2] Pagtataguyod ng komunikasyong may pagkakaintidihan sa isa't isa

Lahat ng mga mamamayan ng Prefecture ay magsisikap na makakuha ng kinakailangang impormasyon para sa kanilang buhay at mapanatili ang maayos na komunikasyon sa lokal na komunidad.

**(1) Pagbibigay ng impormasyon sa komunidad gamit ang iba't ibang wika**
**(2) Pagbibigay ng mga pagkakataon para sa pag-aaral ng wikang Hapon at tungkol sa lipunang Hapon**

### [Layunin sa Pagkilos3] Pagpapabuti ng kapaligiran para sa ligtas at komportableng pamumuhay

Sisiguradohin na ang lahat ng mga mamamayan ng Prefecture ay magkakaroon ng maaasahang pangkabuhayang serbisyo at isang ligtas na kapaligiran upang mamuhay nang maayos.

**(1) Suporta sa paninirahan para sa mapayapang pamumuhay**
**(2) Pag-aayos at pagpapatibay ng health, medical, at welfare system na pwedeng gamitin nang may tiwala at kapanatagan**
**(3) Paghahanda at pagtugon sa oras ng sakuna**
**(4) Pagpapabuti ng suporta para sa seguridad at kaligtasan sa araw araw na pamumuhay**

### [Layunin sa Pagkilos4] Pagsusumikap sa lugar ng trabaho

Bilang mahalagang katuwang sa pagsuporta sa lokal na ekonomiya at lipunan, tatanggapin nang maayos at tama ang mga dayuhang dumarating sa Prefecture para sa layuning magtrabaho, at susuportahan ang lahat ng mamamayan ng Prefecture upang magtagumpay sa kanilang mga trabaho.

**(1) Maayos at tamang pagtanggap ng mga manggagawa at suporta para magtagumpay sa kanilang trabaho**


### [Layunin sa Pagkilos5] Pagpapalakas at pagpapabuti ng edukasyon at pangangalaga para sa susunod na henerasyon

Anuman ang pagkakaiba sa nasyonalidad o lahi, magsusumikap na lumikha ng isang kapaligiran kung saan lahat ay pantay-pantay na makakatanggap ng edukasyon at pag-aalaga ng bata, at magsusumikap na bumuo ng mga tao na may malalaim na pang-unawa at matatag na pag-iisip para sa kinabukasan.


**(1) Pag-aayos at pagpapabuti ng edukasyon at kapaligiran sa pag-aalaga ng bata**

# Kasalukuyang sitwasyon ng Shiga Prefecture.


## Fig 1 – Pagbabago ng populasyon ng Shiga Prefecture.





## Fig 2 – Pagbabago ng populasyon ng mga dayuhan ayon sa lahi o rehiyon.




## Fig. 3 – Pagbabago ng bilang ng populasyon ng mga hapon at dayuhan sa loob ng isang taon.




## Fig. 4 – Pagbabago ng bilang ng mga dayuhang empleyado at mga employer na tumatanggap ng mga dayuhang empleyado




## Fig. 5 – Pagbabago ng bilang ng mga estudyante sa pampublikong paaralan na kailangang turuan ng wikang hapon (kasama ang mga estudyanteng may lahing hapon)

